Sino ang Kokontakin

Mga Mapagkukunan para sa mga Gumagamit ng Balon

Para sa mga may-ari ng balon sa bahay o mga residente na nasa mga balon ng tubig sa lupa (groundwater well), tingnan ang mga kontak sa ibaba, na ibinigay ng California Department of Water Resources, para sa mga mapagkukunan at tulong na nauugnay sa iyong balon.

Kontakin ang iyong lokal na ahensyang nagpapahintulot ng balon sa inyong County o Lungsod. Ang California Department of Water Resources ay may komprehensibong listahan dito ng mga ahensyang ito na nagpapahintulot: water.ca.gov/Well- Permitting-Agencies

Upang Palalimin Pa ang Isang Umiiral na Balon o Mag-drill ng Bagong Balon

Bisitahin ang wellowner.org/find-a-contractor/well-drilling-near-me/ upang maghanap ng mga nagdi-drill ng balon sa iyong lugar.

Upang Mag-ulat ng Tuyong Balon

Kung natuyo ang iyong balon, dapat mong iulat ito sa System ng Pag-uulat ng Tuyong Balon Online ng California Department of Water Resource: mydrywell.water. ca.gov/report (boluntaryo). Kung nakakatanggap ka ng suporta mula sa Self-Help Enterprises, tutulungan ka nilang tiyakin na ang iyong tuyong balon ay naiulat sa Estado.

Upang Makakuha ng Tulong para sa Balon na Tuyo o Kaunti ang Inilalabas na Tubig

Makipag-ugnay sa entidad para sa pagtugon sa emerhensyang tagtuyot sa iyong county o ang Opisina ng mga Emerhensyang Serbisyo ng County Sheriff - Hanapin ang mga kontak na ito rito: waterboards.ca.gov/drought/emergency_contacts.html

Kung ikaw ay nasa San Joaquin, Stanislaus, Mariposa, Merced, Madera, Fresno, Kings, Tulare, o Kern County, tumawag sa Self-Help Enterprises para sa tulong sa 559-802-1685 o mag-email sa: droughtsupport@selfhelpenterprises.org. Kabilang sa tulong ang bottled water, akses sa tangke ng tubig, pag-aayos o pagpapalit ng balon ng tubig sa bahay, at pagtulong sa mga karapat-dapat na sambahayan na kumonekta sa mga system ng pampublikong tubig. Tingnan ang Polyeto: Ano ang Gagawin Ko kung Matuyo ang Aking Balon?
(English, Spanish, Hmong)

Upang Makilahok sa Lokal na mga Pangmatagalang Pagsisikap sa Pagpaplano tungkol sa Tubig sa Lupa (Groundwater)

Hanapin ang iyong lokal na Groundwater Sustainability Agency at makilahok sa kanilang pangmatagalang pagsisikap sa pagpaplano tungkol sa tubig sa lupa (i-type lang ang iyong address): sgma.water.ca.gov/webgis/index.jsp?appid=gasmaster&rz=true

Para sa karagdagang impormasyon at mapagkukunan, bisitahin ang: water.ca.gov/bewellprepared